Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: Isinugo ako at ang Huling Oras na ganito,itinuro niya ang dalawang daliri niya at itinaas niya ang dalawang ito.

Ayon kay Sahl bin Sa`d As-Sā`idīy, malugod si Allah sa kanya,-buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-siya ay nagsabi: ((Ipinadala ako at ang Huling Oras na ganito)) At itinuro niya ang dalawang daliri niya,at itinaas niya ang dalawang ito.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang malapit na pagdating ng Araw ng Pagkabuhay,Tunay na ang pagsugo sa kanya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang Araw ng Pagkabuhay,ay magkalapit,tulad ng pagkalapit ng pagitan ng dalawang daliri niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,At itinaas niya --pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang dalawang daliri niya-upang makita ang pagkakaiba nila sa mga natitirang daliri.At naiulat sa iba pang mga Hadith na ang dalawang daliring ito ay hintuturo at hinlalato,Ang hintuturo ay matatagpuan sa pagitan ng hinlalato at hinlalaki,At ikaw;kapag ikinumpara ang pagitan nilang dalawa,makikita mo na sila ay magkatabi,at makikita mo,na walang namamagitan sa kanilang dalawa maliban sa maliit na pagitan lamang,tulad ng laki ng isang kuko o kalahati nito,At tinawag itong hintuturo,sapagkat;kapag ninais ng tao na mang-insulto sa ibang tao ,ginagamit niya ito sa panturo,at tinatawag din itong pagluluwalhati,Sapagkat ang tao,Kapag [ginagawa]niya ang pagdadakila sa Allah-Kamahal-mahalan Siya-at Kapita-pitagan,itinataas niya ito,at itinuturo niya sa langit;At ang kahulugan nito,Ang katapusan ng mundo ay nalalapit na at hindi na magtatagal.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/11215